ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 20
Oktubre 21, 2016
www.cpp.ph

## Brutal na dispersal




MARIING KINUNDENA ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mararahas na pagbuwag ng pulis at militar sa dalawang magkasunod na kilos protesta ng mga progresibong organisasyon noong Oktubre 18 at 19.

"Pangunahing may pananagutan sa karahasang ito ang pamunuan ng Philippine National Police, Armed Forces of the Philippines at mga upisyal ng gubyernong Duterte. Ang sunud-sunod na pandarahas na ito ay nagpapakita ng malalim na galit ng upisyal ng kapulisan at militar sa mamamayang Pilipino at mga makabayang pwersa. Dapat silang tukuyin, imbestigahan at papanagutin," ayon sa PKP.

Mahigpit ding kinundena ng panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang brutal na pambubuwag, laluna sa rali sa harap ng embahada ng US. Anang NDFP, pinakamalamang na may mga elemento mula sa militar at kapulisan na tutol sa bagong patakaran ni Duterte at tinatangkang isabotahe ang nagaganap ng usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng rehimeng Duterte.

Noong Oktubre 19, marahas na binuwag ng pulis ang protesta ng pambansang minorya at mga makabayang organisasyon sa harap ng embahada ng US sa Maynila. Bahagi ang protesta sa serye ng

*sundan sa pahina 3*

**EDITORYAL**



# Oplan Bayanihan, paglapastangan sa tigil-putukan

Dapat kagyat na wakasan ng rehimeng Duterte ang mapanupil at mapandigmang mga operasyon sa ilalim ng utos-ng-US na Oplan Bayanihan. Dapat nitong ipag-utos ang kagyat na pagaalis ng mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na nasa gitna ng mga sibilyang komunidad sa kanayunan.

Dapat tiyakin ni Duterte sumusunod ang lahat ng kanyang tropang AFP at pulis sa idineklara niyang patakaran ng pakikipagkaibigan sa mga rebolusyonaryong pwersa. Dapat niyang iwaksi ang patakaran ng pagsupil sa mga patriyotiko at demokratikong pwersa.

Ang mga hakbanging ito lamang ang maghihikayat sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) na palawigin pa ang bisa ng unilateral na deklarasyon ng tigil-putukan. Nasisiraan ng loob ang mga rebolusyonaryong pwersa na pumasok sa kasunduang tigil-putukan sa harap ng ipinakitang hindi pagtupad ng GRP sa napag-usapan.

Nitong Miyerkules, idineklara ng mismong punong negosyador ng gubyerno ng Pilipinas (GRP) at ng kalihim ng Department of National Defense na walang ipoproklamang amnestiya hangga't hindi natatapos ang negosasyong pangkapayapaan. Taliwas ito sa diwa ng napagkasunduan noong Agosto na ilalabas ang gayong proklamasyon upang bigyang-daan ang paglaya ng 434 pang mga detenidong pulitikal. Matapos silang dumanas ng inhustisya, padaraanin pa sila ngayon sa butas ng karayom para matamo nila ang hangad nilang kalayaan.

Nakadidismaya na hindi na tuparin ng GRP ang pinagkasun-

duang hakbanging ito. Hindi ito nakatutulong sa pagpapalakas ng tiwala ng NDFP sa pakikipagnegosasyon.

Sa nagdaang mahigit 60 araw mula nang magkahiwalay na magdeklara ng tigil-putukan ang PKP at GRP, masugid na ipinatupad ng mga yunit ng BHB ang kautusang itigil ang mga opensiba laban sa mga unipormadong tauhan ng AFP at PNP. Ito ay sa kabila ng napakahirap na sitwasyong patuloy ang mapang-upat na mga operasyon ng mga armadong yunit ng kaaway sa ilalim ng Oplan Bayanihan.

Ang itinulak ng US na Oplan Bayanihan ay ang anim na taong kontra-rebolusyonaryong gera ng AFP na sinimulan noong 2011. Layunin nitong gapiin ang BHB, wasakin ang PKP at mga demokratiko at antiimperyalistang organisasyong masa at supilin ang kanilang mga pakikibaka. Kaliwa't kanan ang naging mga paglabag ng mga yunit ng AFP sa karapatang-tao sa mga operasyong tinaguriang "peace and development" na kalakhan ay nakatuon laban sa mga sibilyan.

Ang pagpapatuloy ng AFP sa Oplan Bayanihan ay tahasang pagyurak at paglapastangan sa diwa ng magkaakibat na tigil-putukan ng PKP at GRP. Tahasan itong pagbabalewala sa utos ni Pres. Duterte ng GRP na maging mapagkaibigan sa mga rebolusyonaryong pwersa at rebolusyonaryong gubyerno.

Taliwas sa "pakikipagkaibigan" ang patuloy na pagpapakat ng mga armadong sundalo sa gitna ng mga sibilyang komunidad sa kanayunan. Gamit ang kung anu-anong pangangatwiran (“bisita”, “antidroga”, “paghatid ng serbisyo”), ang mga sundalo ay pumapasok sa mga komunidad na kumpleto-armado para duruin at takutin ang taumbaryo. Nagsasagawa sila ng mga operasyong saywar at paniniktik. Isa-isang pinatatawag ang mga kilalang aktibista at kanilang mga pamilya. Napupwersa ang mga lokal na residente na lumahok sa mga pulong baryo na ipinatatawag ng mga sundalo sa takot na ituring silang simpatisador ng BHB kung hindi dadalo.

Taliwas sa mga umiiral na batas at sa CARHRIHL, ginagamit nila ang mga *barangay hall*, eskwelahan, *day care center* at iba pang imprastrukturang sibilyan bilang mga baraks. Ginagambala nila ang buhay at kabuhayan ng mga magsasaka.

Ang sigaw para wakasan ang Oplan Bayanihan ang isa sa mga pangunahing dala ng nagpuprotestang mga magsasaka, minoryang mamamayan at iba pang pwersang patriyotiko at demokratiko sa harap ng Camp Aguinaldo at US Embassy nitong nagdaang linggo. Ang magkasunod na marahas na pagbuwag sa kanilang demonstrasyon ay buong liwanag na nagpapakita sa patuloy na pagpapatupad ng Oplan Bayanihan, ang patakaran ng pagsupil sa mga pwersang patriyotiko at demokratiko at pagturing sa kanila bilang mga kaaway ng estado.

Nagpapatuloy ang pagtugis sa mga aktibista. Patuloy ang mga kaso ng pang-aaresto sa Southern Mindanao, Bicol, Central Luzon at iba pang bahagi ng bansa. Dalawang lider-magsasaka sa Compostela Valley ang magkasunod na pinatay ng mga armadong tauhan ng AFP. Walang-habas ang mga pagsupil sa mga pakikibakang magsasaka sa iba't ibang panig ng bansa tulad sa Nueva Ecija at Palawan.

Para sa sambayanang Pilipino, ang nagpapatuloy na mapanupil at mapandigmang mga operasyong Oplan Bayanihan ng AFP sa kabila ng umiiral na tigil-putukan ay nagpapakitang nananatili pa rin ang dating kaayusan sa ilalim ng rehimeng Duterte sa kabila ng bukambibig nitong kapayapaan at pagbabago.

Sadyang malaking disbentahe sa mamamayang Pilipino, laluna sa masang magsasaka sa kanayunan, at sa kanilang hukbong bayan, ang pinaiiral na tigil-putukan habang patuloy ang Oplan Bayanihan ng AFP. Para sa kanila, mas mabuti nang walang tigil-putukan kung hindi rin lang palalayasin ang mga sundalo sa kanilang mga komunidad


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 20 | Oktubre 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc_info
youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral
@prwc_info
fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral
cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Oplan Bayanihan, sabotahe sa usapang pangkapayapaan 1
Brutal na disperal sa US *embassy* 1
2 anti-minang Lumad, pinaslang 3
Lakabayan ng pambansang minorya 4
Gamit ng Fabella, inilabas 5
Balangkas ng CASER, buo na 6
Programa sa ekonomya ni Duterte 7
2 mukha ng pakikipagkaibigan ng China 9
Laban sa kontraktwalisasyon 10
Di-pantay na kalakalang US-Pilipinas 11
Giriang pro at anti-US, litaw na 13
Eleksyong presidensyal sa US 13




Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

at hindi sila patas na makalalaban.

Bukas pa rin ang mga rebolusyonaryong pwersa na mabuo ang kasunduan sa tigil-putukan na magtatakda ng malinaw na mga alituntunin. Tungo rito, inaasahan ng PKP na babawiin ng mga upisyal ni Duterte ang nauna nilang pahayag na taliwas sa pinagkasunduang proklamasyong amnestiya upang palayain ang mga detenidong pulitikal.

Para mapalawig pa ang tigil-putukan, inaasahan ng PKP at mga rebolusyonaryong pwersa na isasagawa ng rehimeng Duterte ang mapagpasyang mga hakbangin upang pasunurin ang AFP at PNP sa kanyang patakaran ng pakikipagkaibigan at pakikipagnegosasyon sa mga rebolusyonaryong pwersa at sa kanyang patakaran ng pagtataguyod ng nagsasariling patakarang panlabas. AB

## 2 kontra-minang Lumad, pinaslang



DALAWANG LUMAD ang magkasunod na pinaslang ng mga ahente ng estado nitong Oktubre. Kasabay nito ang pagdami ng mga kaso ng iligal na pag-aresto sa mga progresibo gamit ang gera kontra-droga at sa istilo ng Oplan Tokhang.

Noong Oktubre 13, binaril ng mga elemento ng 46th IB si Joselito 'Anoy' Pasaporte, kasapi ng Panalipdan Youth sa Compostela Valley habang pauwi siya sa kanilang bahay sa Mabini.

Tinangka ng militar na pagtakpan ang krimen sa pamamagitan ng pagsasabing bahagi ng gera kontra-droga ang pamamaslang. Pinamamarali pa ni Senior Supt. Armando de Leon, hepe ng pulis sa Compostela Valley, na si Pasaporte ay ikaanim sa listahan ng pinaghihinalaang nagtutulak ng droga sa Mabini.

Pinabulaanan ito ng Panalipdan at iba pang progresibong organisasyon. Anila, si Pasaporte ay kasapi ng organisasyon ng mga kabataan at estudyanteng naglalayong pangalagaan ang kalikasan. Nanguna ang kanilang organisasyon sa pagtutol sa operasyon ng multinasyunal at dayuhang mina sa kanilang lugar.

Bago nito, binaril si Jimmy Saypan, pangkalahatang kalihim ng Compostela Farmers Association (CFA), ng kalalakihang nakasakay sa motorsiklo noong Oktubre 10. Agad siyang dinala sa Montevista District Hospital at kalauna'y inilipat sa Davao Regional Hospital sa Tagum. Namatay siya kinabukasan.

Isang linggo bago maganap ang

*sundan sa pahina 4*

*mula pahina 1*

aktibidad ng Lakbayan ng Pambansang Minorya na layong wakasan ang pananatili ng militar at tropang Amerikano sa bansa. Naghagis ng tear gas at ilang ulit na binangga ng sasakyan ng pulis ang hanay ng mga nagpuprotesta. Paulitulit nitong sinagasaan ang ilang raliyista. Tinatayang may 50 ang nasugatan, tatlo mula sa pagkakasagasa. Apatnapu't dalawa na raliyista ang inaresto. Kinahapunan ay pinalaya rin sila.

Ayon sa SANDUGO, patapos na ang programa nang marahas na binuwag ang kanilang hanay. Nakunan pa ng bidyo ang hepe ng pulis na nag-utos sa dispersal.

Bago nito, noong Oktubre 18, kinanyon ng tubig ang mga pambansang minorya na naglulunsad ng protesta sa harap ng Camp Aguinaldo, Quezon City, pambansang hedkwarters ng AFP.

Sa pahayag ni Jerome Succor Aba, tagapagsalita ng Suara Bangsamoro, layon ng pagkilos na ipakita ang pang-aabuso at nananatiling dominasyon ng imperyalismong US sa ating bansa.

"Ngayon, nakita natin na maging ang ating lokal na pulis ay di magdadalawang isip na dahasin ang protesta ng mahihirap at pinagsasamantalahan," ani Aba.

Umani ng batikos mula sa iba't ibang organisasyon at personalidad ang nangyaring karahasan.

Tinawag ni Aiza Seguerra, tagapangulo ng National Youth Commission, na walang puso ang ginawang pang-aatake ng mga pulis sa mga organisasyon na aniya'y makatwiran ang panawagan.

Matapos ang marahas na dispersal, sumugod ang mga katutubo at organisasyon sa Manila Police District at naglunsad ng indignation rally.

Kasabay nito, naglunsad ng *candle lighting* at *noise barrage* ang komunidad ng University of the Philippines (UP) sa Palma Hall para ipakita ang kanilang galit.

Ani UP Chancellor Michael Tan, binastos ng mga pulis ang pambansang minorya. Para na rin nilang binastos ang UP dahil sila ay mga bisita nito. Kinabukasan, Oktubre 19, bumisita naman ang mga empleyado ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at National Anti-Poverty Commission sa kampuhan.

Dito, nanawagan si Sec. Judy Taguiwalo ng DSWD sa mga pulis na sundin ang kanilang *commander-in-chief* at respetuhin ang karapatan ng mga katutubo.

Sa parehong araw, nagsagawa ng *press conference* ang SANDUGO upang papanagutin ang mga pulis, pangunahin si Col. Marcelino Pedrozo, at kundenahin ang brutalidad ng estado.

Samantala, naglunsad ng indignation rally ang mga mag-aaral ng UP-Cebu at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-Cebu bilang pakikiisa sa mga minorya at pagtutol sa pasismo ng estado. AB

insidente, nakaharap ni Saypan ang tropa ng militar mula sa 66th IB sa isang dayalogo, kung saan iginiit niya at ng CFA na dapat nang umalis ang mga sundalo sa kanilang komunidad. Nasa isinapublikong *order of battle* ng AFP si Saypan.

Tutol ang CFA at lokal na gubyerno ng Compostela sa pagpasok sa kanilang lugar ng Agusan Petroleum and Mineral Corp., isang kumpanya ng mina na pagmamay-ari ni Eduardo Cojuangco.

Itinalaga ang mga sundalo sa mga komunidad sa paligid ng minahan ng Agpet upang bantayan ito.

Ayon sa Karapatan, ikawalong kaso si Pasaporte sa naitalang pampulitikang pamamaslang mula nang ideklara ng rehimeng Duterte ang unilateral nitong tigil-putukan noong Agosto.

Itinuturo naman ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang 10th ID bilang pangunahing salarin sa pamamaslang at sa paghahasik ng takot sa buong Compostela Valley mula pa 2008.

Ani Antonio Flores, pangkalahatang kalihim ng KMP, ang kaso ni Pasaporte ay dagdag sa lumalaking bilang ng mga magsasakang iligal na inaresto at dinarahas gamit ang kampanyang kontra-droga.

**Iligal na pang-aaresto sa istilong Tokhang**

Sa Bulacan, iligal na inaresto sina Rowel Reola, Alfredo Ravel, Lito Natural, Segundina Gaitero, anak nitong si Mel Grace, Valentin Salceso, at Blas Gaitero sa reyd na isinagawa ng mga pulis sa kanilang mga bahay sa Sityo Karahume, Barangay San Isidro, San Jose del Monte noong Oktubre 4. Mga kasapi sila ng Karahume Farmers Association na tumututol sa tangka ng Bangko Sentral ng Pilipinas na kamkamin ang mahigit 1,000 ektaryang lupa sa prubinsya..

Ayon sa KMP, walang ipinakitang mandamyento de aresto ang mga pulis.

Ang apat na magsasaka ay pinalaya na walang kaso matapos iligal na madetine. Subalit sina Reola, Ravel at Natural ay inakusahang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at kinasuhan ng pagdadala ng iligal na droga.

Hiningi rin ng KMP at Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan sa Department of Agrarian Reform na imbestigahan ang kaso. Anila, maaaring masundan pa ito ng talamak na kriminalisasyon sa tunggalian sa lupa, tulad ng maraming pagkakataon kung saan ang mga magsasaka ay sinampahan ng gawagawang kaso tulad ng pagnanakaw, pamamaslang at iba pa.

Samantala, iligal na inaresto ng mga pulis sina Edwin Dematera, diumano'y kasapi ng BHB, at kasama niyang si Den dela Cruz habang bumibyahe sa Magallanes, Sorsogon noong Oktubre 4. Pinatigil ang sinasakyan nilang traysikel sa isang tsekpoynt na itinayo para sa Oplan Tokhang. AB

## Gamit ng Fabella, patraydor na inilabas

KASABWAT ANG Armed Forces of the Philippines (AFP), tinangka ng maneydsment ng Dr. Jose Fabella Memorial Hospital na ilabas ang kagamitan sa ospital noong Oktubre 13. Ayon sa Save Fabella Hospital Movement (SFHM), ang mga sundalo mula sa 51st Engineering Brigade ay armado ng matataas na kalibreng baril habang ikinakarga ang mga kagamitan.

Walang ipinakitang kautusan o permit ang AFP nang pigilan ng mga residente at mga manggagawa ng Fabella ang paglabas ng gamit. Ayon sa isang interbyu sa pamunuan ng AFP, ang kautusan ay nanggaling mismo sa direktor ng ospital na si Dr. Esmeraldo Ilem at kay Paulyn Ubial, kalihim ng Department of Health.

Ang tusong paglalabas ng kagamitan ay salungat sa pahayag ni Sec. Ubial sa budget hearing sa House of Representatives na hindi ililipat ang Fabella Hospital.

Ayon kay Elvira Mendoza, empleyado sa Fabella at tagapagsalita ng SFHM, nagbanta pa si Ilem na sasampahan sila ng kaso sakaling hindi matuloy ang paglilipat.

Dahil sa patuloy na protesta ng mga residente at empleyado ng Fabella, hindi natuloy ang paglilipat ngunit may ilan nang kagamitan ang nailabas na huli na nilang napansin.

Naghahanda naman ang Alliance of Health Workers (AHW) para magsampa ng reklamo sa Commission on Human Rights laban sa maneydsment ng ospital at kay Ubial sa kasong pag-abuso ng awtoridad at paggamit ng mga sundalo para ilipat ang gamit ng ospital nang walang sapat na permit.




Sa nakuhang sulat ng SFHM na pirmado ni Sec. Ubial noong Agosto 10, binigyan niya ng pahintulot ang pagbaba ng bilang ng kama ng pasyente mula 700 tungong 200.


Nakasaad din sa kautusan na gagamitin ang out-patient department ng Lung Center of the Philippines para sa pasilidad ng Fabella. Ipagpapaliban din ang pagdagdag ng mga empleyado ng ospital hanggang sa makalipat ito.

"Sa ilang dayalogo kay Dr. Ilem, sinabi niya na ang problema ay nag-uugat sa usapin sa lupa," pahayag ni Rodel Aala, empleyado ng ospital.

Kinundena ng AHW ang pagpunta ng mga sundalo sa ospital. Anila'y banta ito para patahimikin ang mga empleyado na nagpapahayag ng pagtutol sa paglipat ng ospital.

Ani Aala, hindi sila titigil sa paglaban dahil ito ay hindi lamang para sa mga empleyado kundi para sa karapatan sa libreng serbisyong pangkalusugan. AB

# Lakbayan ng Pambansang Minorya, inilunsad



"NAIS NAMING ISULONG ang panawagan ng mamamayang Cordillera at pambansang minorya sa buong bansa para sa tunay na rehiyunal na awtonomiya at upang wakasan ang kontrol at pandarambong sa ating likas na yaman at militarisasyon sa aming komunidad," ani Abigail Anongos, pangkalahatang kalihim ng Cordillera People's Alliance (CPA).

Ang mga kasapi ng CPA ay kabilang sa mahigit 3,000 minoryang nagtungo sa Maynila upang makiisa sa Lakbayan ng Pambansang Minorya para sa Sariling Pagpapasya at Makatarungang Kapayapaan. Nagsimula ang Lakbayan noong Oktubre 8 at magtatapos sa Oktubre 21, Pambansang Araw ng mga Magsasaka.

Ang kabuuang delegasyon ay mula sa mga tribung Aggay, Kalinga at mga organisasyon sa Hilagang Luzon; Aeta sa Gitnang Luzon; Dumagat, Mangyan at Palaw'an mula sa Timog Katagalugan; mga Tumandok at Ati ng rehiyon ng Panay; at mamamayang Moro at Lumad sa Mindanao.

Ayon kay Piya Macliing Malayao, pangkalahatang kalihim ng Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (Katribu), layon ng mga minorya ang ipahayag ang kanilang suporta sa nagsasariling patakarang panlabas at sa usapang pangkapayapaan. Kinukundena rin nila ang nagpapatuloy na kontra-insurhensyang programa na Oplan Bayanihan sa kanilang mga komunidad. Oktubre 13, umugong sa Metro Manila ang tunog ng gangsa at agong habang nagmamartsa ang libu-libong minorya tungong Mendiola. Kasama nila ang mga progresibong organisasyon tangan ang libong sulo.

Bilang bahagi ng serye ng kanilang protesta, nagtungo ang may 400 katutubo mula sa Hilagang Luzon sa mga upisina ng Lepanto at Oceania, mga kumpanya sa mina, noong Oktubre 13. Bitbit ang kanilang mga panawagan, simboliko nilang isinara ang daanan ng mga gusali.

Nagprotesta rin sila sa harap ng Department of Justice (DoJ) noong Oktubre 17 upang ipanawagan kay Sec. Vitaliano Aguirre na ibasura ang mga gawa-gawang kaso laban sa may 200 aktibista mula sa pambansang minorya.

Anila, ang dapat usigin ng DoJ ay ang mga sundalo at paramilitar na lumalabag sa kanilang mga karapatan. Ginunita din nila ang ikaanim na taon ng pagpaslang kay Fr. Fausto "Pops" Tentorio.

### Oplan Bayanihan at pakikibaka para sa lupang ninuno

Sa gitna ng programa, pinangunahan ni Kerlan Fanagel, tagapangulo ng Pasaka Confederation of Lumad Organizations, ang pagpupugay at isang minutong katahimikan para sa dalawang lider magbubukid sa Compostela Valley na pinaslang noong Oktubre 10 at 15, sina Jimmy Saypan, pangkalahatang kalihim ng Compostela Farmers' Association at Joselito Pasaporte, kasapi ng Panalipdan Youth.

Kinundena niya ang patuloy na pamamayagpag at militarisasyon ng Armed Forces of the Philippines sa sa mga sibilyang komunidad sa ilalim ng Oplan Bayanihan.

Ang mga pambansang minorya ay nakararanas pa rin ng diskriminasyon sa pagtanggap ng serbisyong panlipunan. Marami rin sa kanilang pamilya ang biktima ng pangangamkam ng lupa.

Halimbawa nito ang mga Aeta sa Capas, Tarlac na pinagbabawalang magsaka sa kanilang mga sakahan sa loob ng lupang inilaan para sa gamit ng militar *(military reservation)*. "Lupang ninuno namin ang lupang inangkin ng militar," giit ni Lito dela Cruz ng Central Luzon Ayta Association.

### Sandugo

Ang mga myembro ng pambansang minorya ay nagtungo sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City kung saan sila sinalubong ng buong komunidad ng unibersidad sa pangunguna ni Chancellor Michael Tan.

Itinaon din sa panahong ito ang pagtatatag ng Sandugo, ang kilusan para isulong ang karapatan para sa pagpapasya-sa-sarili.

"Mula sa hiwa-hiwalay na pakikibaka ng pambansang minorya sa antas-rehiyon, ngayon ay itataas natin ang ating pakikibaka tungong pambansang antas," pagbubukas ni Dulphing Ogan, mula sa tribung B'laan at pangkalahatang kalihim ng Kalumaran, alyansa ng mga Lumad sa buong Mindanao.

"Bilang bahagi ng bansa, kaisa kami sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya at paggigiit sa pagpapasya-sa-sarili laban sa imperyalismo," wika ni Joanna Cariño mula sa tribung Ibaloi sa Cordillera. AB

# Balangkas ng CASER, napagkasunduan na

Nagtapos ang ikalawa sa serye ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Pilipinas (GRP) sa Oslo, Norway noong Oktubre 9.

Napagkasunduan dito ng dalawang panig ang borador ng balangkas para sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER), ang ikalawang sustantibong adyenda sa negosasyon. Naging mahirap ang negosasyon dulot pangunahin ng magkaibang pananaw ng dalawang panig sa lipunan at ekonomyang Pilipino at mga solusyon sa mga problemang kinakaharap nito.

Nagkaroon ng mga pihit sa usapan, na nagpatuloy kahit pagkatapos ng serye nang sabihin ni Hernani Braganza na "bumara" ang usapan dahil sa pagtanggi ng NDFP na ipaloob ang mga mungkahi ng GRP sa borador na balangkas ng CASER. Si Braganza ay tagapangulo ng Reciprocal Working Committee for Socio-Economic Reforms (RWC-SER) ng GRP.

Kaiba sa komprehensibong borador na inihanda ng NDFP, itinulak ng GRP ang siyam-na-puntong "outcome" (kahihinatnan o resulta). Nilaman nito ang sumusunod: pagpawi sa kahirapan, kapaligiran at *climate change*, ekonomyang *globally competitive*, sapat at dekalidad na mga serbisyo, pagbawas ng di pagkakapantay-pantay, mapayapang mga komunidad sa kanayunan, katiyakan sa pagkain, nakabubuhay na sahod at pagkakapantay-pantay at representasyon ng iba't ibang kasarian. Ayon kay Juliet de Lima Sison, tagapangulo ng RWC-SER ng NDFP, ang borador ng GRP ay pagbabaybay lamang at sa aktwal ay hango rin sa borador na balangkas ng NDFP. *(Tingnan ang isyu ng* Ang Bayan*, Agosto 7, 2016.)* Animo'y hindi ito pinaghandaan ng GRP, walang pagpapalaman at wala rin itong itinakdang mga resulta. Animo'y inaasahan ng GRP na susunod na lamang ang NDFP sa balangkas nito dahil ito umano ang alinsunod sa nakatakdang mga batas ng gubyerno ng Pilipinas. Ang pusisyong ito ay hindi malayo sa dati nang kalakaran ng GRP na ipaloob ang negosasyon sa mga ligalidad at konstitusyon ng GRP.

Para umusad ang usapan, iminungkahi ng NDFP na ipasok ang balangkas ng GRP sa balangkas ng NDFP. Matapos ang serye ng maliliit na pagpupulong, pumayag ang GRP sa mga pagbabago at nagkaisa ang dalawang panig sa pinal na borador. Ang borador na ito ang magiging basehan ng mas malalaman na mga negosasyon sa susunod na mga buwan. Itinakda ang susunod na pagkikita ng dalawang panel sa ikatlong linggo ng Enero 2017.


Muli ring naigiit ng NDFP na ipasok bilang resolusyon sa ikalawang serye ang kagyat na pagpapalaya sa natitirang nakadetine nitong mga konsultant at 434 iba pang bilanggong pulitikal. Noong Oktubre 12, nagpahayag na ng pagkabahala ang NDFP sa pagbabagal-bagalan ng GRP.

Naging kapuna-puna ang laki ng delegasyon ng GRP para sa ikatlo at ikaapat na sustantibong adyenda—ang mga reporma sa pulitika at konstitusyon at pagtigil ng mga labanan at disposisyon ng mga pwersa—sa ikalawang serye ng usapan. Sa harap ng matamlay na paghahanda nito para sa CASER, ipinamalas ng GRP na mas interesado ito sa "pagpapababa ng antas ng karahasan" sa pamamagitan ng pagbubuo ng dokumento para sa bilateral na tigil-putukan. Nagmumula ito sa bangkaroteng pagdadahilan na ang armadong labanan ang ugat ng kahirapan at kawalan ng pag-unlad. Binabaluktot ng ganitong pag-iisip ang esensya ng usapan.

Nitong Oktubre 21, ipinahayag ni Silvestre Bello, pinuno ng GRP panel, na sa halip na amnestiya, grupu-grupong palalayain ang mga bilanggong pulitikal.

Gayunpaman, sa isang pagdinig sa Senado noong Oktubre 19, ipinagdiinan ni Delfin Lorenzana, kalihim ng Department of National Defense (DND), na ayon kay Jesus Dureza, Presidential Adviser on the Peace Process, hindi magkakaroon ng amnestiya kung "walang tigil-putukan." Aniya, ibibigay lamang ang "ceasefire amnesty" sa dulong bahagi ng usapan. Hindi papayag ang kanyang departamento at ang armadong hukbo (ng GRP) na palayain ang mga bilanggong pulitikal bago nito, dagdag pa niya.

Taliwas ito sa ipinahayag noong Oktubre 10 ni Angela Librado-Trinidad, myembro ng GRP panel, na muli nang binubuo ng GRP ang Presidential Committee on Bail, Recognizance and Pardon na pinirmahan na ng mga kalihim ng DND, Department of Justice at Department of Interior and Local Government bilang bahagi sa hakbang ng GRP para sa pagpapalaya ng mga detenido ng NDFP. AB



# Tunggalian sa mga patakaran sa ekonomya ng rehimeng Duterte




Naging tampok nitong nakaraang mga linggo ang pagtalas ng banggaan sa loob ng gabinete ng rehimeng Duterte sa pagitan ng mga kinatawan ng demokratikong kilusan at mga teknokratang tagapagtaguyod ng interes ng burgesyang kumprador.

Harap-harapang kinontra ng mga upisyal ng Department of Finance (DoF), National Economic Development Agency (NEDA) at ni Bise Presidente Leni Robredo ang panukala ng Department of Agrarian Reform (DAR) na dalawang-taong moratoryum sa pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural. Kasabay nito, binawi ni Silvestre Bello, kalihim ng Department of Labor and Employment, ang naunang pagsuporta sa panukalang P125 *across-the-board* na pagtaas sa sahod matapos siyang kumprontahin ng tagapangulo ng Employers Confederation of the Philippines. Inulit naman ng NEDA ang pagdadahilang malulugi ang maliliit na negosyo kung ipipilit ng mga grupo ng paggawa ang pagtaas ng sahod.

Sa larangan ng usapang pangkapayapaan, nagsimula na ang inaasahang mga girian sa paglalatag pa lamang ng balangkas para sa mga sosyo-ekonomikong reporma. Makikita sa mga pusisyon ng panel ng GRP, maniobra ng mga teknokrata at ni Duterte mismo, ang mga pagkakaiba sa pagitan ng rebolusyonaryong programa sa ekonomya at ng reaksyunaryong estado.

**Industriyalisasyong nakaasa sa dayuhan**

Sa talumpati ni Duterte sa harap ng malalaking negosyanteng nagtatanim ng saging noong Oktubre 7, inihayag niyang "masyado nang masikip" ang (sektor ng) industriya. "Hindi ko nakikita ang pag-usbong ng bagong sektor ng industriya sa susunod na tatlumpung taon," aniya. "Nakalaan na ang mga rekurso, at mahina tayo sa paglikom ng pondo."

Sa aktwal, walang kongkretong plano ang rehimen para sa paglalatag ng isang nagsasariling sektor ng industriya. Katulad ng naunang mga rehimen, nakatuon ang atensyon nito sa pagpapalitaw ng dayuhang kapital at pag-akit ng mga dayuhang negosyo, partikular para sa sentral na programa nito sa pampublikong imprastruktura.

Pinuna ng mga teknokrata ni Duterte ang programang Public Private Partnership (PPP) ng nagdaang rehimen sa pagiging mabagal, magastos at kontra sa interes ng publiko. Subalit katulad ng PPP, ang engrandeng planong pangimprastruktura ng rehimeng Duterte (riles, kalsada, daungan at paliparan) ay nakaasa rin sa dayuhang pautang at pamumuhunan, laluna mula sa China, pati na sa Japan at South Korea.

Sa loob ng anim na taon, tinatayang aabot sa $8 trilyon ang kakailanganin nitong kapital. Para rito, hinahabol ng rehimen na maging myembro ng Asian Infrastructure Investment Bank, ang bangkong pantapat ng China sa World Bank.

Sa pagbisita ni Duterte sa China ngayong Oktubre *(tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 9)*, umabot sa $9 bilyong pautang ang ipinangako sa kanya ng China para sa kanyang mga proyekto at programa. Kapalit ng pagdistansya ni Duterte sa mga among imperyalistang Amerikano ng Pilipinas, nangako rin ang China na tutulungan siya hindi lamang para "paunlarin" ang imprastruktura, kundi pati ang agrikultura at pinansya ng bansa.

Gayundin, lumalabas na hindi ibinabasura ng rehimen ang dati nang kontra-mamamayang proyektong nakapailalim sa programang PPP ng rehimeng US-Aquino. Sa kanyang pagbisita sa China, kasama niya ang 400 negosyante, kabilang ang pinakamalalaking burges kumprador. Mabilis na binuo ang mga kasunduan sa pagitan ng mga ito at ng malalaking empresang pang-estado na kontrolado ng mga monopolyong burukratang kapitalista ng China. Kabilang sa mga nabuong kasunduan ay yaong nagtutulak sa Clark Green City Industrial Park at proyektong reklamasyon sa Cavite, na kapwa mahigpit na tinututulan ng mamamayan.

Tulad sa nakaraan, itinutulak din ni Duterte ang pagtatayo ng dagdag na mga export processing zone (EPZ). Daragdag ang mga ito sa kasalukuyang mga EPZ na nagluluwal ng mga produktong pangeksport na may mababang-halaga. Ang mga EPZ na ito ay bahagi ng tinaguriang "Factory Asia" o lambat ng mga pabrikang bumubuo ng linya ng produksyong industriyal na kontrolado ng China. Hihigpit pa ang pagkakataling ito kapag naipwesto na ang Regional Comprehensive Economic Partnership na itinutulak ng China.

### Reporma at kontra-reporma sa lupa

Mula nang pamunuan ng lider-magsasakang si Ka Paeng Mariano, pinaburan ng DAR ang interes ng mga magbubukid sa pagresolba nito ng mga tampok na sigalot sa lupa. Kabilang dito ang mga positibong hakbang sa Hacienda Luisita at iba pang malalawak na lupain sa Mindoro, Zamboanga, Sorsogon, Negros at Iloilo. Gayunpaman, inaasahang sisiklab ang mga labanan dito oras na kontrahin ng mga panginoong maylupa ang mga desisyon ng DAR.




Ang desisyon ng DAR na nagtatakda ng dalawang taong moratoryum sa pagpapalit-gamit ng lupang agrikultural ay sinalungat ng mga teknokrata at ng mga komprador sa *real estate*.

Sa iba't ibang pagkakataon, inihayag ni Duterte ang kahandaan niyang mamahagi ng lupang pampubliko. Kasabay nito, iginigiit niyang mas aangat ang Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa agrikultura kumpara sa industriya. Magkakaroon lamang ng halaga ang industriya kapag itinutulak ito ng agrikultura, aniya. Gayunpaman, ang tinutukoy niyang produksyong agrikultural ay yaong nakabase sa malalawak na komersyal na plantasyon na pinagmamay-ari ng mga dayuhang kapitalista at nakatuon sa dayuhang merkado.

Hindi ito kaiba sa itinutulak ng malalaking dayuhang negosyante na "modernisasyon" ng agrikulturang Pilipino sa pamamagitan ng paglalatag ng "angkop" na imprastruktura. Nais ng malalaking komprador na mamaksimisa ang lupaing agrikultural, laluna sa Mindanao, para sa produksyong pang-eksport at itayo ang kailangang imprastrukturang pangtransportasyon para sa mabilis na paghahatid ng produkto sa internasyunal na pamilihan.

Nakabalangkas dito ang prayoridad ng rehimen ng paglalatag ng modernong sistema ng tren sa buong Mindanao. Pabibilisin at pasisimplehin ng sistemang ito ang paghahakot ng mga produktong agrikultural mula sa mga plantasyon tungo sa mga paliparan at daungan.

Nitong Oktubre, pinirmahan ni Duterte, kasama ang China, ang Agricultural Cooperation Action Plan 2017-2019 para mapadulas ang pag-angkat ng mga Pilipinong produktong agrikultural tulad ng saging at manga sa China. Saklaw ng kasunduan ang pagtatakda ng mga regulasyon sa pag-aangkat, pananaliksik para sa mga "mayor na proyekto" at kooperasyon para sa pagpapalaki ng produksyon at puhunan.

### AmBisyon Natin 2040

Sa harap ng mga engrandeng plano nito, walang kagyat na balak ang rehimeng Dutete na itaas ang sahod at bigyan ng seguridad sa trabaho ang mga manggagawa at kawani ng gubyerno. Sa halip, nagbalangkas ito ng programang "kontra-kahirapan" na maghahatid ng "simple at komportableng buhay." Gayunman, sa taong 2040 pa matatamo ang "ambisyong" ito.

Ang AmBisyon Natin 2040 ang nilalaman ng Executive Order No. 5 ni Duterte na pinirmahan noong Oktubre 12. Target nitong gawing "panggitnang uri" ang karamihan ng mga Pilipino na may sariling bahay at sasakyan, sapat na panggastos araw-araw, edukasyong pang-kolehiyo para sa kanilang mga anak at kaunting impok. Ipinaubaya ni Duterte sa NEDA ang pagbubuo ng apat na "limang-taong plano" mula 2016 hanggang 2040.

Walang laman ang AmBisyon Natin 2040. Sa ngayon, isa lamang itong islogan na hindi kaiba sa "Philippines 2000" ng rehimeng US-Ramos. Nais lang nitong paasahin ang mamamayang Pilipino na magkakaroon ng pagbabago sa hinaharap upang ilayo ang kanilang pansin sa kagyat na mga problema. Ang totoo, wala itong inihahapag na pundamental na pagbabago sa istruktura ng ekonomya. Kung pagbabatayan ang naunang mga programang kontra-kahirapan ng NEDA, hindi ito kakawala sa luma at bangkaroteng mga patakarang neoliberal.

Masahol pa, lalo pang pabibigatin ng rehimen ang pasaning buwis ng mamamayan sa hangaring makalikom ng dagdag na pondo. Itinutulak ng DoF na itaas ang buwis sa mga kalakal at serbisyo *(value-added tax)* mula 12% tungong 15%. Balak din nitong itaas ang iba pang buwis sa mga produktong petrolyo at matatamis na inumin (*softdrink, juice* at iba pa). Ang ipinangangalandakan nitong pagbaba ng buwis sa kita, ari-arian at sa mga transaksyon ay mas mapakikinabangan ng pinakamalalaking korporasyon at pinakamayayamang pamilya. Bumaba man ang buwis sa kita ng milyun-milyong ordinaryong manggagawa at kawani, babawiin naman ito ng estado sa mas mataas na presyo ng mga bilihin at singil sa serbisyo.

Nanatiling mababaw ang mga solusyong inihahapag ng rehimen para iahon sa kahirapan ang mayorya ng mamamayan. Kabilang dito ang pagpapatuloy ng 4Ps, pagbibigay ng isang sakong bigas sa ilang pamilya at iba pang pantawid na hakbanging matagal nang napatunayang hindi epektibo. AB

# Ang dalawang mukha ng pakikipagkaibigan sa China



Kasalukuyang nasa China si Presidente Duterte ng GRP upang pagtibayin ang mga kasunduan sa ekonomya at seguridad. Sinalubong siya doon bilang isang mahigpit na alyado at kaibigan ng bansa.

Ang pagbisita ay inaasahang magbibigay-daan sa malakihang pagpasok ng pamumuhunan ng mga monopolyo kapitalista ng China. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 7.)*

Kritikal ang paninindigan ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa patakaran ng rehimeng Duterte ng pakikipagmabutihan at pakikipagkaibigan sa China. Sa isang panig, batid ng rebolusyonaryong kilusan na may pansariling imperyalistang interes ang pakikipagkaibigan ng China sa Pilipinas. Sa kabilang panig, nakikita rin ang mga pwede nitong itulak na positibong pagbabago sa loob ng ekonomya at kabuhayan ng Pilipinas na noo'y nakapinid dahil sa dominasyon at pagiging tali sa US.

Ang China ay isa sa pinakamalaking bansang kapitalista at umuusbong na kapangyarihang imperyalista. Noon ay isa itong modernong sosyalistang bansa (1949-1976) bago inagaw ng bagong burgesyang umusbong sa burukrasya ang kapangyarihan ng estado at winasak ang Partido Komunista ng China at ang sosyalistang sistema.

Kinakaharap ngayon ng China ang isang kapitalistang krisis sa pinansya at sobrang produksyon. Lumalaki ang imbentaryo ng labis na kalakal (asero, mga *cellphone* at iba pang produkto at pyesang elektroniko) at sarplas na kapital na hindi maipuhunan. Naghahanap ito ng mapagtatambakan ng labis na kalakal at ng mas malaking pagkukunan ng murang lakas-paggawa at murang hilaw na materyales para patakbuhin ang tinataguriang Factory Asia—lambat ng mahigpit na magkakaugnay na mga pabrika sa iba't ibang bansa na nakatuon sa bahagyang pagpuproseso ng mga pyesa.

May mga ambisyong imperyalista ang China. Kaakibat ng paglawak ng imperyong pang-ekonomya ng China, mayroon din itong estratehikong pagpapakat ng pwersang militar sa iba't ibang sulok ng Asia-Pacific, Middle East at Africa. Lumalaki ang estratehikong *geopolitical* na interes ng China at lumalakas ang paghamon nito sa hegemonya ng US.

Ang pakikipagkaibigan ni Duterte sa China ay maaaring makatulong sa sambayanang Pilipino sa kanilang pakikibaka na humulagpos mula sa kontrol, dominasyon at pagkatali sa imperyalismong US. Subalit mangyayari lamang ito kung tuluy-tuloy na lalakas ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino at makikipagkaisa ang rehimeng Duterte sa balangkas ng isang alyansang patriyotiko.

Ang ilang bilyong dolyar na pamumuhunan at pautang ng China ay ilalagay sa pagtatayo ng mga pabrika at plantasyon na nakatuon sa pagsusuplay sa mga pabrika at pamilihan ng China. Sa ngalan ng pakikipagkaisa sa sambayanang Pilipino laban sa imperyalismong US, dapat itulak sa China na makabuluhang bahagi ng ipupuhunan nito ay susuporta sa pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa upang makatayo ang lokal na ekonomya sa sarili nitong paa. Dapat tiyakin na napangangalagaan ang kapakanan ng milyun-milyong mamamayan sa anumang proyektong pang-imprastruktura.

Dapat ibayong isulong ang pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Dapat hamunin ng sambayanang Pilipino si Duterte na wasakin ang kapangyarihang pang-ekonomya ng malalaking panginoong maylupa, na matagal nang nagsilbing base ng kapangyarihan ng imperyalismong US sa Pilipinas at isa sa mga pangunahing salik sa atrasadong ekonomya.

Interes ng China ang pagtatatag ng malalawak na plantasyon para sa produksyong pang-eksport. Taliwas ito sa interes ng malawak na masang magsasaka at minoryang mamamayan at nakapipinsala sa kapaligiran. Hindi dapat pahintulutang maging dominanteng aspeto ito ng ekonomya sa kanayunan.

Dapat ituon ni Duterte ang pangunahing pansin sa pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang nagbubungkal ng lupa bilang hakbangin para iwasto ang mahabang kasaysayan ng inhustisya, at para bigyang-daan ang modernisasyon ng lokal na agrikultura na nakatuon sa produksyon ng pagkain at iba pang pangangailangan para sa lokal na pagpoproseso.

Sa nauna niyang deklarasyon, itinutuon ni Duterte ang kanyang pansin sa pag-akit sa dayuhang pamumuhunan, sa partikular, ang pamumuhunan ng mga empresang pribado-estado ng China. Tumutugma ito sa plano ng China na itayo ang mga imprastruktura para sa produksyon at transportasyon alinsunod sa plano nitong abutin ang mga liblib na pook sa iba't

ibang panig ng mundo para higupin ang daan-daang milyong mamamayan sa malawak nitong karagatan ng lakas-paggawa.

Dapat igiit ng sambayanan na biyang-prayoridad ang pagtatatag ng mga industriya ng asero at iba pang saligang industriya. Dapat igiit ni Duterte sa China na ang pamumuhunan nito sa produksyong pangeksport ay may katumbas na pamumuhunan o tulong sa mas saligang mga industriyang kailangan ng Pilipinas.

Upang hindi labis na madehado ang bayan, ang gayong patakaran ay dapat tumbasan ni Duterte ng patakarang nangangalaga sa pambansang interes. Dapat igiit na mayroong bahagi ng pamumuhunan na napupunta sa pagpupundar ng saligang mga industriya at mayroong paglipat ng teknolohiya. Dapat ding mayroong malinaw na mga patakarang nangangalaga sa kapaligiran at pambansang patrimonya.

Dapat hamunin ng bayan si Duterte na pangalagaan ang interes ng uring manggagawa laban sa labis na mababang sahod at iwaksi ang patakaran ng pribatisasyon at komersyalisasyon ng mga serbisyong panlipunan. Dapat gumawa ang rehimeng Duterte ng mga kagyat na hakbangin para kontrolin ang presyo ng pagkain, gamot, panggatong at iba pang saligang pangangailangan ng bayan.

Kung hindi hahawakan ni Duterte ang demokratikong interes ng bayan, ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa China ay hahantong lamang sa pagpapalit ng higanteng kumukubabaw at dumarambong sa Pilipinas at magpapatuloy lamang ang pandarambong ng dayuhang malalaking kapitalista sa Pilipinas.

Kung hindi iuuna ang kapakanan ng bayan, mawawalan ng saysay ang pangakong modernong kalsada, tulay, riles at mga daungan. Makinang sa ibabaw subalit nananatili ang ekonomyang atrasado sa ilalim. May mga pabrika subalit hindi industriyalisado, may mga plantasyon subalit kulang sa pagkain at lugmok ang bayan sa kahirapan.

Nasa *geopolitical* na interes ng China na maging balwarte ng anti-imperyalismong US ang Pilipinas. Katugma ito sa interes ng sambayanang Pilipino. Para magkatulungan, dapat kilalanin at respetuhin ng China ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas.

Bilang hakbanging pakikipagkaibigan, dapat ihinto ng China ang ekslusibong pag-aangkin sa pangisdaang dagat sa Bajo de Masinloc. Maaari nitong suportahan ang panawagan para sa demilitarisasyon ng South China Sea at umiwas sa mga hakbanging taliwas sa pagaangkin ng ibang mga bansa.

Maipupundar ng China ang pangmatagalang pakikipagkaibigan sa sambayanang Pilipino kung susuportahan nito ang tunay na reporma sa lupa at pagtatatag ng iba't ibang batayang industriya. Maihahambing ito sa pagsuporta ng US at Japan sa reporma sa lupa at pagpupundar ng iba't ibang saligang industriya sa Taiwan (mula dekada 1950) at South Korea (mula dekada 1960) sa layuning gawing mga base ng kapitalismo ang mga iyon laban noon sa pagtataguyod ng China at North Korea ng anti-imperyalismo at sosyalismo.

Mahigpit na binabantayan ng imperyalismong US ang pakikipagkaibigan sa China ng Pilipinas sa ilalim ni Duterte. Ang mga ahente nito sa AFP at sa iba't ibang bahagi ng estado ay kumikilos upang paghandaan ang mga hakbangin para hadlangan ang estratehikong paghina ng impluwensya at kontrol ng US sa Pilipinas.

Sa pagtataguyod ni Duterte ng pakikipagkaibigan sa China, dapat rin niyang pagtuunan ng pansin ang pagpapahina ng impluwensya at kontrol ng imperyalismong US sa AFP na palaasa sa ayudang militar ng US at kontrahin ang patakaran ng pagsupil sa mga pwersang anti-imperyalista, progresibo at rebolusyonaryo. AB

## Labor Summit laban sa kontraktwalisasyon

MULING NAGKAISA ang mga manggagawa at mga unyon sa pagwawakas sa kontraktwalisasyon sa ginanap na Labor Summit noong Oktubre 17 sa Occupational Safety and Health Center sa Quezon City.

Ipinatawag ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang naturang pagtitipon upang diumano'y magkaroon ng kaisahan ang sektor ng paggawa hinggil sa usapin. Ngunit ayon sa mga manggagawa, noon pa mang Oktubre 3, sa isinagawang Labor Sector Dialogue, ay malinaw nang nagkaisa ang 95% ng mga unyon laban sa lahat ng anyo ng kontraktwalisasyon.

Binatikos ng mga unyon ang kawalan ng tindig ng DOLE laban sa kontraktwalisasyon, gayong malinaw nang iniutos ni Pres. Rodrigo Duterte ang pagpapatigil nito. Hiningi ng mga unyon na ibasura ng ahensya ang DO 18-A at palitan ito ng isang kautusang istriktong nagbabawal sa kontraktwalisasyon.

Inihalimbawa sa summit ang pakikibaka ng mga kontraktwal na manggagawa sa Tanduay sa Laguna, sa AGC Flat Glass sa Maynila, sa mga daungan sa Negros, mga maliliit na pabrika, hanggang sa mga pangunahing kumpanya tulad ng Philippine Airlines, PLDT, at malalaking bangko.

Sa parehong pagtitipon, tinanggihan ni DOLE Sec. Silvestre Bello ang panawagang P125 dagdag-sahod. Ito'y matapos niyang atasan noong Setyembre ang mga *regional wage board* na pag-aralan ang gayong dagdag. Aniya, wala sa hurisdiksyon ng DOLE ang pagtataas ng sahod.

Nagsagawa ng kilos-protesta ang mga unyon, mga progresibong organisasyon at mga institusyong pang-manggagawa sa labas ng pagtitipon.

# Di-pantay na relasyon sa ekonomya ng Pilipinas at US



Nakatali sa deka-dekadang kontrol ng US ang kalakalan ng Pilipinas. Sa mahabang panahon, walang soberanya sa ekonomya ang bansa dulot ng pagkabalaho nito bilang tagasuplay ng murang hilaw na materyales at lakas paggawa sa US, at tambakan ng sarplas na manupaktura at iba pang produkto, gayundin ng kanilang sarplas na kapital.

Mula pa dekada 1940, nagmumula na sa mga kapitalistang Amerikano ang pinakamalalaking direktang pamumuhunang dayuhan (Foreign Direct Investments o FDI) sa Pilipinas. Kalakhan nito'y napupunta sa sektor ng pagmamanupaktura, pinansya at seguro, *real estate*, kalakalang pakyaw at tingi, at konstruksyon. Pinagpapasasaan ng mga kapitalistang Amerikano ang murang lakas paggawa at mayamang rekurso ng Pilipinas. Malaking tubo ang kanilang inuwi.

Ang mga batas sa ekonomya mula sa Treaty of General Relations noong 1946, Investment Incentives Act noong 1967, hanggang sa Foreign Investment Act noong 1991, ay kinatangian ng pagpabor sa mga mamumuhunang Amerikano.

Noong 1999-2012, ang netong FDI galing sa US ay umabot ng $4.52 bilyon. Sa panahong iyon, binubuo nito ang halos 20% ng kabuuang FDI. Noong 2013, kahit pumangalawa lamang (sa Japan), umabot pa rin sa $1.3 bilyon ang FDI ng US sa bansa. Nitong 2015, $732.5 milyon ang FDI ng US (39.72% ng FDI).

Sa panahon ding iyon, sa US napunta ang 19.4% ng mga eksport ng Pilipinas, at sa US din nagmula ang 15.8% ng mga import ng bansa. Sa US rin napupunta ang bahagi ng kalakal ng Pilipinas sa mga bansang ASEAN at iba pa sa East Asia.

Sa kabila ng pagiging agrikultural, binabaha ng US ang Pilipinas ng mga produktong agrikultural nito. Sa ilalim ng rehimeng US-Aquino, lumaki nang 123% ang produktong agrikultural na inaangkat ng Pilipinas mula sa US. Ikasiyam ang bansa sa pinakamalalaking pamilihan ng produktong agrikultural ng US, na umabot sa $2.8 bilyon noong 2014.

Ang Pilipinas ang ikalawa sa mga bansang pinagbebentahan ng US ng *soybean meal* o latak ng soya matapos katasin ang langis ($589M); ikaapat sa mga produktong *dairy* o gatas ($345M); ikaanim sa trigo ($569M) at ikawalo sa karne at produktong baboy ($116M).

Nanatili namang tagasuplay ang Pilipinas ng murang hilaw na materyales para sa US. Pilipinas ang pangunahing nagsusuplay sa US ng langis mula sa niyog ($454M) at kopra ($55M). Ikawalo din ang bansa sa mga pinagkukunan ng US ng pinroseso nang mga prutas at gulay ($197M); katas ng prutas at gulay ($62M), at asukal ($23M). Gayundin, ika-11 ang Pilipinas sa mga nagsusuplay ng pagkaing-dagat sa US ($264M).

Malaki rin ang pakinabang ng US sa murang lakas paggawa ng mamamayang Pilipino. Kabilang sa malalaking kumpanyang Amerikano namuhunan sa Pilipinas ang Citigroup, General Electric, Procter & Gamble, JP Morgan, Coca Cola at Chevron.

Nangunguna ang ekonomya ng US sa paghigop sa talino, kakayahan at lakas ng mga manggagawang Pilipino—bilang mga manggagawa sa mga minahan at plantasyon noong dekada 1920 at mga sundalo at marino matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Mayroon ngayong halos apat na milyong migranteng Pilipino. Pinakamalaking bilang sa mga migranteng manggagawang pangkalusugan sa US (mayorya ay nars) ay mga Pilipino (15.7%), habang pumapangalawa naman sila sa mga migranteng manggagawa sa serbisyo (13.7%).

Sa mahabang panahon ng pagkatali ng bansa sa US, nanatiling atrasado ang ekonomya ng Pilipinas: nakatuon sa pag-eksport ng hilaw na materyales o mga pyesang bahagyang naproseso at nakasalalay sa pagaangkat ng mga yaring produkto. Kaya't pamalagian ang depisit sa dayuhang kalakalan ng Pilipinas. Mula sa $14 milyong depisit ($58.5 milyong import at $44.5 milyong export) noong 1957, lumaki ito tungong $97.3 milyon ($463 milyong import at $365 milyong export) noong 1987. Nitong Agosto, ang depisit sa kalakalan ay umaabot na ng $2.02 bilyon.

Dahil sa pamalagiang depisit sa kalakalan, obligadong umutang nang umutang ang gubyerno ng Pilipinas mula sa mga pampinansyang institusyong International Monetary Fund at World Bank (IMF-WB) na kontrolado rin naman ng US. Nagmumula sa US ang 51% ng pondo ng WB, samantalang ang US din ang may pinakamalaking kontrol sa IMF (17%).

Mula $360M noong 1962, nasa $77.47 bilyon na ang utang panlabas ng Pilipinas nitong 2015.

Lahat ng pautang ay mga kundisyon. Sa kasalukuyan, may 70 magkakahiwalay na utang ang Pilipinas mula sa World Bank. Bawat isa sa mga pautang na ito ay may kaakibat na 4-5 mga kundisyon. Kung susumahin, halos kalahati (49%) ng mga kundisyong ipinapataw ng WB ay ukol sa pagpapabwelo ng pribado at pampinansyang


sektor (32% sa mga kundisyon ng IMF). Samantala, 39% naman ng mga kundisyon ang nakatuon sa pribatisasyon (52% sa mga kundisyon ng IMF).

Maliban sa kontrol ng US sa ekonomya ng bansa dulot ng mga kundisyon sa pautang, ginagamit din ang "ayuda" mula sa US para ipataw ang mga patakarang pangekonomya. Ang Partnership for Growth (PFG) na pinirmahan ng Pilipinas at US noong 2011 ay isang halimbawa ng pagpapahigpit ng pagdirihe ng US sa ekonomya ng bansa.

Sa pamamagitan ng Joint Country Action Plan na itinakda ng PFG, tinukoy ang mga kinakailangang reporma na pumapabor sa US. Kabilang dito ang liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, deregulasyon, epektibong pagpapatupad ng mga kontrata sa pribadong negosyo tulad ng mga Public-Private Partnership, gayundin ang mga reporma sa sistemang pananalapi at batas.

Halimbawa, sa ilalim ng PFG, naglaan ng $434 milyon ang Millenium Challenge Corporation (MCC) kapalit ng "kalayaan sa ekonomya" sa Pilipinas. Anumang oras ay maaaring ihinto ng MCC ang pagbibigay ng "ayuda" kung hindi tutupdin ng Pilipinas ang liberalisasyon ng kalakalan kasama ang pagluluwag sa mga taripa at pag-aalis sa mga balakid sa dayuhang pamumuhunan. Malaking pondo ng MCC ay nakaugnay sa kontra-insurhensya tulad ng pagpondo sa Kalahi-CIDSS ($120M) at proyektong kalsada ($214.4M) sa mga komunidad sa Samar. Kasama rin ang proyektong pagpapataas ng koleksyon ng buwis ($54.3M).

Bahagi rin ng PFG ang Arangkada Project na pinangungunahan ng USAID at American Chamber of Commerce (AmCham, ang organisasyon ng mga negosyong US sa Pilipinas). Sa pamamagitan ng proyektong ito, itinutulak ng AmCham at USAID ang pagpapatupad ng Pilipinas ng 471 "rekomendasyon" na nagtataguyod sa interes ng mga




dayuhang korporasyon sa bansa. Taun-taon mula 2011 ay minomonitor at ginagraduhan ng Arangkada ang pagtupad ng Pilipinas sa kanilang mga "rekomendasyon."

Kasama ng AmCham ang 17 pang grupo ng malalaking negosyanteng lokal at dayuhan sa pagtutulak ng ibayong liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon. Kabilang sa mga "rekomendasyon" ng Arangkada ang pagpasa ng mga batas, pagpapaigting ng mga proyektong imprastruktura, maging ang pagsasaayos ng burukrasya ng gubyerno. Itinuturing din ng Arangkada na sagabal ang reporma sa lupa para sa mga negosyong agribisnes.

Itinatag din ang US-Philippine Society (USPS) upang magsilbing tagatulak ng interes ng PFG sa gubyerno ng Pilipinas. Kabilang dito ang dating ambassador ng US sa Pilipinas na si John Negroponte at mga pinuno ng pinakamalalaking korporasyong US sa bansa, at ang malalaking burgesya-kumprador na sina Pangilinan, Sycip, Ayala, Razon at iba pa. Layunin ng USPS na impluwensyahan ang mga upisyal at mambabatas ng Pilipinas.

Tulad din ang USPS ng *lobby group* na AGILE (Accelerating Growth, Investment, and Liberalization with Equity) na pinondohon ng USAID sa panahon ng mga rehimeng Estrada at Macapagal-Arroyo. Garapalang gumawa ng panukala ang AGILE at itinulak sa Kongreso upang mapagtibay ang mga batas sa Pilipinas na nagbibigay-proteksyon sa *intellectual property rights* ng US.

Ang mga batas na ito, kabilang ang mga kasunduan sa ekonomya na pinagtibay sa simula pa lamang ng dominasyon ng US sa bansa, ang patuloy na nagpaatras sa kaunlaran at sumira sa mga lokal na industriya at kabuhayan, at nagpamalagi ng talamak na kahirapan at pamalagiang krisis sa ekonomya ng bansa. AB

# Walang mapagpipilian ang mamamayan sa eleksyong presidensyal sa US

Sa darating na Nobyembre 8 ay bobotong muli ang mamamayang Amerikano sa kanilang eleksyong presidensyal. Ngunit tulad ng iba pang burges na eleksyon, walang mapagpipilian ang mamamayan sa inihanay na mga kandidatong magkasingsama.

Magaganap ang eleksyong presidensyal sa panahong ang US ay nasa bangin ng magdadalawang dekada nang di-malutas-lutas na resesyon. Papalaos ang impluwensya nito sa iba't ibang internasyunal na pangkalakalang pormasyon. Napalaki na ng depisito nito sa kalakalan at utang pampubliko na tinatayang hindi na kayang bayaran. Sa harap ng mga bagong lumilitaw na imperyalistang bayan, nagkukumahog ang mga naghaharing uring Amerikano na manggera o mang-upat ng gera upang makabawi sa pagiging numero unong imperyalistang kapangyarihan at mapanatili ang hegemonya nito sa buong daigdig.

Ang dalawang nangungunang kandidato, sina Hillary Clinton ng Democratic Party at Donald Trump ng Republican Party ay kapwa mga kandidato ng naghaharing uri. Kapwa nila ipinangangako sa mamamayan na lulutasin ang kinasasadlakang krisis sa ekonomya, kahit sa katotohanan ay ang patuloy na pagkamal ng yaman ng malalaking kapitalista ang kanilang aatupagin. Masugid nilang itinataguyod ang neoliberal na mga patakaran sa ekonomya na nagbibigay-laya sa malalaking monopolyo kapitalista ng US para nakawin ang pinaghirapan ng mamamayan sa sariling bayan at dambungin ang yaman ng di-mauunlad na bayan.

Sa kabilang banda, sinasagang nila ang kumpetisyon mula sa mga bayang karibal nila sa kalakalan at iba pang interes pang-ekonomya, sukdang ipagpalaban ang mga ito sa

*sundan sa pahina 12*

---

## Giriang pro at kontra-US, litaw na




TULAD NG INAASAHAN, ang mga birang anti-US ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP ay nagpapalalim sa hidwaan sa pagitan ng mga paksyon ng naghaharing uri. Litaw na litaw ito nang atakehin siya ni Fidel Ramos, isa sa pinakatutang dating presidente ng GRP, sa kanyang ika-100 araw sa poder. Mabilis na nakikoro kay Ramos ang mga pulitiko at personalidad na wala sa poder, tulad ng mga nasa Liberal Party at pinakamasusugid nilang tagasuporta. Itinuturing ni Duterte si Ramos bilang pangunahing personaheng "nagkumbinsi" sa kanya na tumakbo bilang presidente.

Idinaan ni Ramos sa kanyang kolum sa isang dyaryo ang matinding pagbatikos sa kasalukuyang rehimen. Pangunahin sa kanyang birada ang pag-uulit sa linya ng mga upisyal ng US, EU at United Nations kaugnay sa ekstra-hudisyal na mga pamamaslang sa balangkas ng gera kontra-droga. Tuwiran ang kanyang pangungutya sa mga pahayag at pagbabanta ni Duterte laban sa presensya ng mga Amerikanong tropa, barko at eroplanong pandigma sa Pilipinas. Aniya, "patalo" ang Pilipinas at "nakakadismaya" ang pamumuno ni Duterte. "Lumulubog" diumano ang "barkong Pilipinas" dahil sa "padaskol-daskol" na pagmamaneho rito ni Duterte.

Sa pamamagitan ng mga biradang ito, ibinunyag ni Ramos ang kanyang sarili bilang pangunahing tuta ng US sa loob ng rehimeng Duterte. Nakatakda niyang pamunuan ang maka-US na kampo ng mga reaksyunaryo na may layuning paatrasin si Duterte sa kanyang ipinahayag na nagsasariling patakarang panlabas. Malinaw na nakikipagugnayan ang mga ahenteng militar ng US sa dating presidente para kontrahin ang malakas na agos laban sa mga pagsasanay militar at presensya ng US sa bansa. Nagsisilbi rin siyang sentro ng mga maka-US na upisyal sa loob ng Armed Forces of the Philippines.

Samantala, wala pa ring humpay ang pang-aatake ng kampong Duterte kay Sen. Leila de Lima, ang pangunahing tagadala ng linya ng US kaugnay sa mga kontradrogang pamamaslang. Matapos mapatalsik sa makapangyarihang komite sa senado, wala nang tigil ang pagsasampa ng mga kaso laban sa senadora para tuluy-tuloy siyang pahiyain hanggang tumahimik na lamang. Inabswelto na rin ng pumalit na komite sa senado ang Philippine National Police kaugnay sa mga ekstra-hudisyal na pamamaslang, at buung-buong tinanggalan ng pananagutan ang rehimeng Duterte sa pagsasabing hindi totoong mayroong Davao Death Squad noong mayor pa si Duterte sa syudad. Samantala, tuloy ang pagtaas ng bilang ng mga pinapaslang, kapwa ng mga pwersa ng pulis at ng tinaguriang mga grupong "vigilante." AB

larangang militar.



Kapwa nila tinatanaw ang Pilipinas bilang lunsaran ng tinaguriang nilang "depensa" laban sa China, North Korea, at para sa pananatili ng lakas militar sa South China Sea. Kapwa rin nilang inihahapag ang mga programa ng patuloy na pang-uupat ng gera sa Syria, Yemen at iba pang mga bayan sa Africa at patuloy na gerang agresyon sa Afghanistan upang maipusisyon ang kanilang puhunan at tropang militar laban sa Russia at China. Ang lumalakas na tunguhing kanan ay dala rin nila sa pagsangayon na buhaying muli ang Patriot Act, palakasin ang CIA (Central Intelligence Agency) at National Security Agency, at dagdagan ang mga sanksyon laban sa North Korea.

Sa gayon, walang maaasahang pagbabago ang mamamayang Amerikano sa pamumuno ng sinuman sa kanila. Makaaasa rin ang mamamayan sa kanilang mga kolonya at malakolonya ng patuloy nilang pandarambong, pambabraso, paghahari-harian bilang "pulis ng daigdig" at papatinding aksyong militar upang mapanghawakan ang lumiliit nang mga teritoryo nito para sa kalakalan.

Bago magkandidato bilang presidente, si Clinton ay Secretary of State ng US. Sa ganitong katungkulan, pinangunahan niya ang pagpapabagsak kay Moammar Qaddafi na presidente ng Libya, sinuportahan ang pambobomba sa Syria, panunulsol ng gera sa Yemen at Turkey, pagpapatuloy ng gerang drone sa Afghanistan, at ang pagdagdag ng tropang militar sa pagpihit sa Asia.

Lumabas rin kamakailan na matagal nang inilihim ni Clinton ang pagbibigay ng pondong suporta sa ISIS sa pamamagitan ng alyado nitong Saudi Arabia. Sa US, naging malaking usapin laban sa kanya ang kanyang pagpapabaya sa seguridad ng kanilang embahada sa Libya na humantong sa pagkamatay ng apat nilang diplomat noong 2012. Sa kabila nito, tuluy-tuloy na itinaguyod ni Clinton ang presenyang militar ng US sa bansa.

Sa simula'y malakas na itinulak ni Clinton ang Trans Pacific Partnership (TPP), ang neoliberal na kasunduang higit na magbibigay-laya sa mga imperyalistang bansa na dambungin ang yaman ng atrasadong mga bansa. Kalauna'y dumistansya siya sa TPP sa pagtatangkang maging popular sa malawak na mamamayang Amerikanong tumututol dito at sa mga maka-Kanang grupong nagtutulak ng ultranasyunalismo.

Gayunpaman, hindi nagbabago ang mga tindig niya para sa "malayang kalakalan," pagdambong ng mga rekurso ng ibang bayan, pagtatali ng minimum na sahod ng sariling mga manggagawa at pagpapabaya sa mga panlipunang serbisyo sa mamamayan. Patuloy niyang pinanghahawakan ang neoliberal na dogma ng pagbibigay ng pabor sa malalaking kapitalista upang makapagpasigla diumano ng negosyo at lumikha ng trabaho.

Si Trump naman ay nangangampanya ng patuloy na aksyong militar laban diumano sa ISIS kahit na ang totoong tinatamaan ay ang sibilyang populasyon sa Syria, mga rasistang hakbang laban sa mga taong may kulay at mga migrante tulad ng pagbabawal sa mga Mexicano at Muslim na pumasok sa bansa, at ng pagbabawas sa buwis ng mayayaman. Ipinagmamalaki niya ang mababang pananaw sa kababaihan, mga Muslim, at mga minoryang mamamayan sa US.

Kapwa rin sila may mga kabulukang itinatago sa publiko. Nasangkot ang mag-asawang William at Hillary Clinton sa iskandalong Iran-Contra o lihim na pagbebenta ng armas sa Iran at sa mga Contras sa Nicaragua kung saan ginamit diumanong lunsaran ang Arkansas na noo'y pinamumunuan ng lalaking Clinton bilang gubernador. Kaugnay ng iskandalong ito ang ismagling ng iligal na droga mula sa Central America gamit ang CIA at *money-laundering* sa Mena, Arkansas, gamit ang Arkansas Development Finance Authority. Lahat ito ay mahigpit na pinagtakpan ng gubyerno at wala pa ring nangyari sa mga imbestigasyon hanggang ngayon.

Si Trump naman ay malaking negosyante na nakatipon ng kanyang yaman sa real estate at mga casino sa pamamagitan ng pandaraya ng kanyang mga deklarasyon sa buwis at iba pang buktot na kalakaran. Nadawit siya sa imbestigasyon ng malakihang pandaraya ng pamilyang Salerno at Gambino, ang dalawang pinakamalalaking grupong Mafia sa US noong panahon, ngunit nakayanang lumusot sa kaso dahil sa lakas ng kanyang pera.

Sa kampanya, naging usapin kay Trump ang marami at madalas niyang pambabastos sa kababaihan, kasabay ng kanyang mga birada sa mga itim at iba pang minorya sa loob ng US. AB